Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Mga sagot sa Mga Payak na Pangungusap

Panuto: Tukuyin kung ang simuno at panaguri ng bawat payak na pangungusap ay payak o tambalan. Sa patlang isulat ang titik **P** kung ang simuno o panaguri ay *payak* at **T** kung ito ay *tambalan*.

simuno	panaguri	
P	**P**	1. Kinain ng malaking agila ang ahas sa damo.
T	**P**	2. Nagbisikleta patungo sa palaruan sina Helen at Kaye.
P	**T**	3. Si Lisa ay naglaba ng mga damit at nagplantsa ng mga uniporme.
T	**T**	4. Ang aso at pusa ay kumain ng mga tira at nagpahinga sa bakuran.
P	**T**	5. Maghihilamos at magsisipilyo muna ang kuya ni Marie.
T	**P**	6. Si Jeff at ang kanyang asawa ay nangangailangan ng bagong katulong.
P	**P**	7. Si Ate Fe ay naghahanap ng trabaho sa siyudad.
T	**P**	8. Ang kare-kare, sinigang, at adobo ay inihanda para sa mga panauhin.
T	**T**	9. Sa bukirin itinanim at namunga ang mga puno ng niyog at mangga.
P	**T**	10. Ang mag-anak ay kumain sa Jollibee at nanood ng sine.
P	**P**	11. Nagsusulat ng sanaysay ang kamag-aral ko.
T	**P**	12. Ang mga pulo ng Bohol, Cebu, at Siquijor ay kabilang sa mga lalawigan ng Gitnang Visayas.
P	**T**	13. Ang mangingisda ay namangka at lumangoy sa gitna ng malaking lawa.
T	**P**	14. Ang pampasaherong dyip at traysikel ay nakaparada sa labas.
P	**T**	15. Si Ginoong Franco ay dumaan sa opisina at kinausap ang mga empleado niya.